

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI



10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 4 Mga Yugto ng Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya



Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikasampung Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan- Modyul 4: Mga Yugto Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Javelian S. Roa

Editor: Janice May M. Salting

Tagasuri: Marlon V. Marco

Tagaguhit: Chloe Aemanuelle R. Susana

Tagalapat:

Tagapamahala: Arturo B. Bayocot, PhD CESO III (Regional Director)

Co-Chairpersons: Victor G. De Gracia Jr., PhD CESO V (Asst. Regional Director)

Randolph B. Tortola, PhD. CESO IV (SDS-Division of Bukidnon)

Shambaeh A. Usman, PhD. (ASDS-Division of Bukidnon)

Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD

Neil A. Improgo, EPS-LRMS

Bienvenido U. Tagolimot, Jr., EPS-ADM

Members: Elbert R. Francisco, PhD, Chief ES, CID

Nancy B. Panistante, EdD, EPS in Edukasyon sa Pagpapakatao

Rejynne Mary L. Ruiz, PhD, LRMS Manager

Jeny B. Timbal, PDO II

Shella O. Bolasco, Division Librarian II

Inilimbag sa Pilipinas ng: Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Sangay ng Bukidnon

Office Address: Fortich Street, Sumpong, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan - Modyul 4 Ang Yugto ng Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya

Ang modyul na ito ay sama-samang binuo at sinuri ng mga edukador sa mga publikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa bukidnon@deped.gov.ph.

Pinahahalagahan naming ang inyong mga puna at mungkahi.

Talaan ng Nilalaman

	Pahina
Cover Page	
Copyright Page	
Title Page	
Talaan ng Nilalaman	
Paunang Salita	
Alamin	1
Subukin	6-7
Balikan	8
Tuklasin	9-10
Suriin	11-12
Pagyamanin	13-14
Isaisip	15
Isasagawa	16
Karagdagang gawain	17
Huling Pagtataya	18-19
Susi sa Pagwawasto	20
Sanggunian	21

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Yugto ng Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul



Magandang araw mga mag-aaral, natapos niyo na ang pag-aralan ang mga aralin sa unang markahan...kaya ngayon ay binabati ko kayo ng CONGRATULATIONS! Ngayon ay tiyak may panibago na naman kayong matutunan sa modyul para sa ikalawang markahan dahil dito magkakaroon kayo ng maraming reyalisasyon sa buhay. Halimbawa na lamang sa pagsakatuparan ng inyong mga layunin sa buhay na kailangan pag-isipan mo muna ito kung may mabuti bang resulta ito o may maaapektohan ba kapag maituloy mo ang nasabing layunin.

Kaya para madagdagan pa ang inyong kaalaman sa araling ito, gawin ito nang maayos at pagbutihan ninyo ang paggawa ng bawat gawain sa modyul na ito. Ang inyong matutunan dito ay tiyak na magagamit ninyo sa araw-araw na buhay hindi lang bilang isang mag-aaral kundi bilang isang anak na naghahangad ng maayos na relasyon sa mga kapatid, magulang at kapwa.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral at magulang:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Mga Yugto ng Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasya.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

 Alamin	Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.
 Subukin	Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.
 Balikan	Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
 Tuklasin	Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.
 Suriin	Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.
 Pagyamanin	Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.
 Isaisip	Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.
 Isagawa	Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

 Tayahin	Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.
 Karagdagang Gawain	Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.
 Susi sa Pagwawasto	Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian	Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.
-------------------	---

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Ang Yugto ng Makataong Kilos at mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya



Alamin



Handa ka na bang matuto ng bagong leksyon sa araw na ito?

Panibagong araw, panibagong matututunan. Huwag mabagot, sapagkat marami kang mapupulot na kaalaman sa araw na ito.

Simulant na natin.

Ang mga sumusunod na pagkatuto at kasanayan ay inaasahang malinang sa iyo, sa pag-aaral mo sa modyul na ito :

1. Naipaliliwanag ang bawat yugto ng makataong kilos at mga hakbang sa moral na pagpapasiya



Subukin



Ano kaya ang lebel nang iyong kaalaman sa modyul na ito? Gusto mo bang malaman?

Kumuha ng papel at bolpen at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

Paunang Pagtataya

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Isulat ang tamang sagot sa hiwalay na pirasong papel.

1. Ano ang kategorya na bumubuo sa 12 na yugto ng makataong kilos?
 - a. Isip at kilos-loob
 - b. Intensiyon at Layunin
 - c. Paghuhusga at Pagpili
 - d. Sanhi at Bunga
2. Habang naglalakad si Fe sa mall, nakakita siya ng sapatos. Matagal na niyang gusting magkaroon ng sapatos. Tumigil siya sandali at nag-isip kung saan kukuha ng pambili nito. Nasa anong yugto ng makataong kilos si Fe?
 - a. Intensiyon ng Layunin
 - b. Nais ng Layunin
 - c. Pagkaunawa ng Layunin
 - d. Praktikal na Paghuhusga sa Pagpili
3. Gamit ang halimbawa sa bilang 2. Pinag-iisipan ni Fe ang iba't-ibang paraa upang mabili niya ang sapatos, hihingi ba siya ng pers sa kaniyang mga magulang, mag-ipon, o magnakaw. Nasaan na kayang yugto ng kilos si Fe?
 - a. Intensiyon ng Layunin
 - b. Pagka-unawa sa Layunin
 - c. Paghuhusga sa nais makamtan
 - d. Masusing pagsusuri ng paraan
4. Bakit kailangang isaisip at timbangin ang mabuti at masamng naidudulot ng pasiya?
 - a. Dahil nagsisilbing gabay niya sa pang-araw-araw na buhay
 - b. Dahil makakatulong sa tao upang magkaroon siya ng mabuting kilos
 - c. Dahil ang bawat kilos ay may batayan, dahilan at pananagutan
 - d. lahat ng nabanggit
5. Bakit kailangang mabigyan ng sapat na panahon sa pagpapasiya ang tao?
 - a. Upang magsilbing gabay sa buhay
 - b. Upang magsilbing paalala sa mga gawain
 - c. Upang magkaroon ng sapat napamantayan sa pagpipilian
 - d. Upang mapagnilayan ang bawat panig ng isasagawang pagpili
6. Alin sa sumusunod ang unang dapat gawing hakbang sa moral na pagpapasiya?
 - a. Tingnan ang kalooban
 - b. Magkalap ng patunay
 - c. Isaisip ang posibilidad
 - d. Maghanap ng ibang kaalamn
7. Kung ikaw ay magsasagawa ng pasiya, ano kaya ang pinakhuling hakbang na iyong gagawin?
 - a. Isaisip ang posibilidad
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Umasa at magtiwala sa Diyos
 - d. lahat ng nabanggit

8. Niyaya si Jay ng kanyang kaklase na huwag pumasok at pumunta sa computer shop. Hindi kaagad siya sumagot n goo bagkus ito ay kaniyang pinag-iisipang mabuti kung ito ba ay tama o mali at ano ang maging epekto nito kung sumama siya. Anong proseso ng pakikinig ang ginamit ni Jay?
 - a. Isaisip ang posibilidad
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Magkalap ng patu
9. Kung sa iyong pagpapasiya ay sinusuri mo ang iyong konsensiya at binigyang halaga mo kung ang iyong pasiya makapagpapasiya sa iyo o hindi. Anong bahagi kaya ito ng hakabang sa moral na pagpapasiya?
 - a. Magkalap ng patunay
 - b. Maghanap ng ibang kaalaman
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Umasa at magtiwala sa Diyos
10. Sa tuwing dumarating sa buhay ni Joy ang pagpapasiya, palagi niyang tinatanong ang kaniyang sarili kung ito ba ang nais ng Diyos o naaayon sa Kaniyang kautusan. Sa iyong palagay, nasaan kayang bahagi ng hakbang ng pagpapasiya si Joy?
 - a. Tingnan ang kalooban
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Maghanap ng ibang kaalaman
 - d. b at c
11. Sino ang may akda ng mga yugto ng makataong kilos?

a. Santo Tomas de Aquino	c. Immanuel Kant
b. Aristoteles	d. b at c
12. Alin sa sumusunod ang hindi nagpapakita ng makataong kilos?

a. Pagiging tsismosa	c. Pagkurap ng mata
b. Pangongopya sa katabi	d. Lahat ng nabanggit
13. Ang mga sumusunod ay mga hakbang sa moral na pagpapasiya maliban sa:
 - a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Maghanap ng ibang kaalaman
 - d. Paggawa ng layunin
14. Alin sa sumusunod ang hindi kasama sa mga yugto ng makataong kilos?

- a. Pagkaunawa sa layunin
- b. Nais ng layunin
- c. Pagpili
- d. Pagpapasiya

15. Sa paggawa ng moral na pagpapasiya, ilan lahat ang hakbang na pagbabatayn nito?

- a. lima
- b. anim
- c. pito
- d. walo



Balikan



Naalala mo pa ba ang iyong binasa sa nakaraang modyul? Ano nga ulit yun? Tara at ating balikan.

Heto iyon. Pamilyar ba sa iyo ang mga salitang: “Bahala na nga,” “Sige na nga” o kaya naman ay “Pwede na yan”? Ang mga salitang ito ang nabibigkas mo lalo na kung hindi ka sigurado sa iyong pipiliing pasiya o kung nagmamadali ka sa iyong isasagawang kilos.

Sa nakaraang modyul ay natutuhan mo na maaring makaapekto ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at ugali sa pananagutan ng tao sa kalalaba-san ng kaniyang pasiya at kilos. Layunin naman ng modyul na ito na lalo pang mapalawak ang iyong kaisipan sa masusing paggamit ng iyong isip na kaloob ng Diyos at maging mapanagutan sa bawat isasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, magagabayan ka upang masagot ang mahahalagang tanong na: Bakit mahalagang gamitin ng tao nang tama ang isip at kilos-loob sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya?

Handa ka na ba? Tayo na! Simulan na natin ang pagtuklas ng mga hakbang sa pagsasagawa ng moral na pagpapasiya.



Handa ka na ba sa mga Gawain?
Narito ang mga sitwasyong karaniwang nangyayari sa buhay estudyante.



Tuklasin

Gawain 1

Panuto: Basahin at unaawaing mabuti ang sitwasyon sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa isang pirasong papel. Lagyan ng tsek ang loob ng panaklong kung ang tauhan ay nagpapakita ng makataong kilos at ekis naman kung hindi.

Sitwasyon 1.

Niyaya si Omar ng kaniyang kamag-aral na huwag munang umuwi pagkatapos ng klase dahil iinum daw sila. Sumama si Omar kahit ipinagbabawal ito ng kaniyang mga magulang.

Nagpakita bas i Omar ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit?

Sitwasyon 2.

Hindi nakapag-aral si Monica sa Filipino kahit alam niyang mayroon silang pagsusulit. Sa oras ng pagsusulit ay maraming tanong na hindi niya nasagot. Sinabihan siya ng kanyang katabi na pakokopyahin siya ng sagot subalit tinanggihan niya ito.

Nagpapakita bas i Monica ng makataong kilos? Oo () Hindi ()

Bakit?

Sitwasyon 3.

Nakita ni Abdullah na ang kaniyang kamag-aral na si Fatima ang kumuha ng cellphone ng kanyang guro. Ngunit nanahimik na lamang siya upang huwag nang madamay pa.

Nagpakita ban g makataong kilos si Abdullah? Oo () Hindi ()

Bakit?

Sitwasyon 4.

Si Ella ay labinlimang gulang pa lamang. Niyaya siya na kaniyang kasintahan na sila ay magsama na. Ngunit kahit mahal ni Ella ang kaintahan ay hindi siya sumama rito.

Nagpakita ba ng makataong kilos si Ella? Oo () Hindi ()

Bakit?

Mga Tanong: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa likod na bahagi ng iyong papel.

1. Sinu-sino ang tauhan na nagpakita ng makataong kilos? Sino naman ang hindi nagpakita? Ipaliwanag.
2. Mahalaga ba para sa iyo ang paggawa ng makataong kilos? Ipaliwanag.
3. Nakatutulong babasa isang tao ang paggawa ng makataong kilos? Ipaliwanag.



Suriin



Malinaw na ba sa iyo kung ano itong makataong kilos? Alalahanin mo at suriin ang iyong mga kilos kahapon at ngayon. Lahat kaya ng kilos mo ay makatao?

Magpatuloy tayo at unawain ang mga mahahalagang konsepto ng aralin.

Ang Makataong Kilos

Ang kilos ng tao ay mga kilos na nagaganap sa tao. Ito ay likas sa tao ayon sa kanyang kalikasan bilang tao at hindi ginagamitan ng isip at kilos-loob. Ang kilos na ito ay masasabing walang aspekto ng pagiging mabuti o masama, kaya walang pananagutan ang tao kung naisagawa niya ito. Halimbawa nito ay ang biyolohikal at pisyolohikal na kilos na nagaganap sa tao tulad ng paghinga, pagtibok ng puso, pagkurap ng mata, pagkaramdam ng sakit mula sa isang sugat, paghikab at marami pang iba.

Ang **makataong kilos** naman ay kilos na isinagawa ng tao nang may kaalaman, malaya at kusa.

- Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman, ginamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsagawa nito. Karaniwang tinatawag itong kilos na niloob, sinadya at kinusa sapagka't isinasagawa ito ng tao sa panahon na siya ay responsible, alam niya ang kanyang ginagawa at ninais niyang gawin ang kilos na ito.
- Ang makataong kilos ay kilos na malayang pinili mula sa paghuhusga at pagsu-suri ng konsensiya.
- Pananagutan ng taong nagsagawa ng makataong kilos ang bunga ng kanyang piniling kilos. Kung mabuti ang kilos, ito ay ka-tanggap-tanggap. At kung masama ang kilos, ito naman ay kahiya-hiya at dapat lamang na pagsisihan ito.

Mga Yugto ng Makataong Kilos

May pagkakasunod-sunod ang pagsagawa ng makataong kilos. Para kay Santo Tomas de Aquino, may 12 na yugto. Ito ay nahahati sa dalawang katagorya: ANg isip at kilos-loob. Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng madaliang pagpapasiya, hindi siya nagiging mapanagutan; bagkus nagiging pabaya siya sa anumang kalalabasan nito. Ngunit kung daraan siya sa mga yugtong ito, tiyak na magiging mabuti ang kalalabasan ng kaniyang isasagawang kilos.

Narito ang mga yugto ng makataong kilos ni Santo Tomas de Aquino.

Isip	Kilos-loob
1. Pagkaunawa sa layunin	2. Nais ng layunin
3. Paghuhusga ng nais makamtan	4. Intensiyon ng layunin
5. Masusing pagsusuri ng paraan	6. Paghuhusga ng layunin
7. Praktikal na paghuhusga sa pinili	8. Pagpili
9. Utos	10. Paggamit
11. Pangkaisipang kakayahan ng layunin	12. Bunga

Mga Hakbang sa Moral na Pagpapasiya

Sa yugto ng iyong buhay sa ngayon, napakahalaga na dumaan ka sa proseso bago ka magsagawa ng pagpapasiya. Makatutulong sa iyo ang proseso ng pakikinig. Ito ay isang malalim na pagkaunawa gamit ang tamang konsensiya. Ito rin ang magsisilbing gabay sa mga sitwasyon na kinakaharap mo sa ngayon at mula rito matutuhan mo na ang moral na pagpapasiya ay isang kakayahan na may malaking kontribusyon sa anumang moral na dilemma.

Narito ang mga hakbang sa moral na pagpapasiya.

1. **Magkalap ng patunay** (*Look for the facts*).

- Mahalaga na sa unang hakbang pa lamang ay tanungin mo na ang iyong sarili. Narito ang mga halimbawa ng tanong:

1. Anong patunay ang aking kailangan malaman upang makagawa ng mabuting pasiya?
2. Ano ba ang nangyayari sa sitwasyon?
3. Bakit ito nangyayari?
4. Sino-sino ang taong kasali o kasangkot?
5. Bakit sila napasali sa sitwasyon?
6. Saan nangyari ang sitwasyon?

2. **Isaisip ang mga posibilidad** (*Imagine possibilities*).

- Mahalaga na tingnang mabuti ang mga posibilidad na mga pagpipiliang magagawa para sa sitwasyon.
- Dito ay kailangang makita kung ano ang mabuti at masamang kalalabasan nito. Ano ang maaaring maging epekto nito, hindi lamang sa sarili kundi para sa ibang tao.

3. **Maghanap ng ibang kaalaman** (*Seek insight beyond your own*).

- Hindi sa lahat ng oras o pagkakataon ay alam mo ang mabuti. Kailangan mo pa ring maghanap ng mga mgagandang kaalaman na maaaring makapagbigay sa iyo ng inspirasyong makagawa ng tamang pagpapasiya.
- Halimbawa, maari mong tanungin ang iyong sarili. Ito ba ang nais ng Diyos na gawin ko? Ito ba ay naaayong sa Kanyang Kautusan?

4. **Tingnan ang kalooban** (*Turn inward*).

- Ano ang sinasabi sa iyo ng iyong kalooban tungkol sa sitwasyon?
- Ano ang sinsabi ng iyong konsensiya?
- Ano ang personal mong nararamdaman ukol sa sitwasyon? A
- ng lahat ng katanungan ay kailangan mong sagutin sapagkat sa anumang pasiya na iyong gagawin, kailangan na ikaw ay magiging masaya.

5. **Umasa at magtiwala sa tulong ng Diyos** (*Expect and trust in God's help*).


- Tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam ng pinakamabuti para sa atin, kaya't nakahalag ng tumawag sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin.
- Ito ang pinakamabisang paraan upang malaman kung ano ang magandang plano Niya para sa atin.
- Ito rin ang magsisilbing wakas na magagamit sa sandaling dumaranas sa hirap na sitwasyon.

6. **Magsagawa ng pasya** (*Name your decision*).

- Dito ay magsagawa ka nan g pagpapasiya. Maari mong tanungin ang iyong sarili kung bakit mo ito pinili.
- Ano ang iyong mga plano sa iyong ginawang pagpili?
- Ikaw ba ay masaya rito?
- Ito ba ay batay sa maoral na pamantayan?
- Makatutulong ang mga tanong na ito upang kung mayroon ka pang agam-agam o pagkalito sa iyong pipiliin, ay mapagnilayan mo itong mabuti.



Pagyamanin



Napagod ka ba sa iyong pagbabasa? Pakiramdaman mo at suriin ang iyong sarili. Alalahanin mo ang iyong mga nagawang kilos at pasiya. Ang mga naging kilos mo ba ay lahat matatawag na makataong kilos? Palagi ka bang nakagagawa ng pagpapasiya gamit ang mga nasabing hakbang.

Magpatuloy tayo. Matapat na sagutin ang mga hinihingi sa gawain. Sundin ang mga panuto.

Gawain 2

Panuto: Suriin ang sitwasyon na nasa kahon at tukuyin kung anong yugto ng makataong kilos ang ipinapakita nito. Piliin lamang ang kasagutan sa mga salita na nasa kahon. Gawin ito sa isang pirasong papel.

Sitwasyon:


Nakakita si Alvin ng isang bagong modelo ng cellphone sa isang mall kung saan siya namamasyal. Lahat ng kaniyang mga kaibigan ay mayroon na nito.

PAGPILI
PAGGAMIT
MASUSING PAGSUSURI NG PARAAN
INTENSIYON NG LAYUNIN
PAGHUHUSGA SA NAIS MAKAMTAN
NAIS NG LAYUNIN
PAGKAUNAWA SA LAYUNIN
MASUSING PAGSUSURI NG PARAAN
UTOS
NAIS NG LAYUNIN
PAGPILI
BUNGA PRAKTIKAL NA PAGHU-HUSGA SA
PINILI
PANGKAISIPANG KAKAYAHAN NG
LAYUNIN
PAGHUHUSGA SA PARAAN
MASUSING PAGSUSURI NG PARAAN
INTENSIYON NG LAYUNIN
PAGHUHUSGA SA NAIS MAKAMTAN
NAIS NG LAYUNIN
PAGKAUNAWA SA LAYUNIN

1. Matagal na niyang nais magkaroon ng cellphone na bago sapagkat ang ginagamit niya ay luma na. _____
2. Ang unang reaksiyon ni Alvin ay ang pagkakaroon ng pagnanasa rito. Nag-iisip na siya kung saan kukuha ng pera para mabili ito. _____
3. Ito ang nais ng kanyang kalooban, ang magkaroon ng bagong modelo ng cellphone. _____
4. Hanggang ngayon ay wala pa ring kalayaan si Alvin na pumili sapagkat ang kanyang kilos-loob ay likas na tumatanggap lamang kung ano ang mabuti na sinasabi ng kaniyang isip. Mayroon siyang pera ngunit inipon niya iyon para sa kanyang pag-aaral sa kolehiyo. Kailangan niyang pumili. _____
5. Ang pagsusuri ng paraan ng kanyang gagawin ay nagpapatuloy at ang pagsang-ayon niya sa mga nasabing pagpipilian. _____
6. Ngayon ay huhusgahan na niya kung alin ang pinakamabuti. Pagbabayad sa kabuuang halaga, pagbabayad unti-unti o pagnanakaw, pagkatapos ay huhusgahan niya ang pinakamabuti sa lahat. _____
7. Ang isip ay kasalukuyang pumili ng pinakamabuting paraan. _____
8. Dito ay pumapasok na ang malayang pagpapasiya na kung saan ang kanyang isip ay nag-uutos na bilhin ang nasabing cellphone. _____
9. Matapos niya itong bilhin ay ginamit na niya ito agad. _____
10. Ngayon ay nauunawan niya kung angkop ba ang kanyang ginagawang kilos. _____
11. Ngayon ay ikatutuwa niya ang pagtatamo niya ng cellphone. _____
12. Ito ang resulta ng kanyang pinili. _____
13. Ang unang reaksiyon ni Alvin ay ang pagkakaroon ng pagnanasa rito. Nag-iisip na siya kung saan kukuha ng pera para mabili ito. _____
14. Ang pagsusuri ng paraan ng kanyang gagawin ay nagpapatuloy at ang pagsang-ayon niya sa mga nasabing pagpipilian. _____
15. Dito ay pumapasok na ang malayang pagpapasiya na kung saan ang kanyang isip ay nag-uutos na bilhin ang nasabing cellphone. _____



Isaisip



Naging malinaw na ba sa iyo ang ating aralin? Anong mahalagang kaisipan ang iyong natutuhan?

Ang Makataong Kilos

- a) Ang makataong kilos ay kilos na isinagawa ng tao nang may kaalaman, Malaya at kusa. Ang kilos na ito ay resulta ng kaalaman. Ginamitan ng isip at kilos-loob kaya't may pananagutan ang tao sa pagsagawa nito. Karaniwang tinatawag itong kilos na niloob, sinadya at kinusa sapagkat isinasagawa ito ng tao sa panahon na siya ay responsable, alam niya ang kaniyang ginagawa at ninais niyang gawin ang kilos na ito.
- b) Ayon kay Santo Tomas de Aquino mayroong 12 na yugto ang makataong kilos.
- c) Ang yugto ng makataong kilos ay nahahati sa dalawa: *Isip at kilos-loob*.
- d) Sa kategoryang **isip** ay nakapaloob dito ang sumusunod:
 - pagkaunawa sa layunin,
 - paghuhusga sa nais makamtan,
 - masusing pagsusuri ng paraan,
 - praktikal na paghuhusga sa pinili, utos at
 - pangkaisipang kakayahan ng layunin.
- e) Sa kategoryang **kilos-loob** naman ay nakapaloob ang sumusunod:
 - nais ng layunin, intensiyon ng layunin,
 - paghuhusga sa paraan,
 - pagpili,
 - paggamit at bunga.
- f) Sa **moral na pagpapasiya ay mayroon itong anim na hakbang**. Ito ay ang sumusunod:
 - a. magkalap ng patunay,
 - b. isaisip ang mga posibilidad,
 - c. maghanap ng ibang kaalaman,
 - d. tingnan ang kalooban,
 - e. umasa at magtiwala sa tulong ng Diyos at
 - f. magsagawa ng pasiya.
- g) Ang unang hakbang ay mayroong anim na halimbawa ng mga tanong para masigurado kung tama ba o mabuti ang iyong gagawin na pasiya, ito ay ang sumusunod: anong

patunay ang aking kailangang malaman upang makagawa ng mabuting pasiya, ano ba ang nangyayari sa sitwasyon, bakit ito nangyayari, sino-sino ang taong kasali o kasangkot, bakit sila napasali sa sitwasyon at saan nangyari ang sitwasyon.

- h) Sabi ni Fr. Neil Sevilla na isang pari sa Bulacan, simula nang magkaroon ng isip ang tao hanggang sa kanyang kamatayan, nagsasagawa siya araw-araw ng pagpapasiya.



Isagawa

Ngayon ay naging malinaw na sa iyo kung ano-ano nga ba ang makataong kilos at ang mga yugto nito, at kung paano gawing gabay ang mga hakbang sa moral na pagpapasiya.



Gawain 3

Panuto:

1. Mag-isip ng mga sitwasyon sa iyong buhay na hindi mo makalimutan. Isulat kung paano ka nagpasya at nagpakita ng makataong kilos sa bawat sitwasyon.
2. Kopyahin ang talahanayan sa ibaba at punan ang mga hanay nito. Gabay mo ang halimbawa.
3. Gawin ito sa isang pirasong papel.

Sitwasyon sa buhay na nagsagawa ng pasiya	Kilos na isinagawa	Epekto ng isinagawang pasiya	Mga reyalisasyon
Halimbawa: Niyaya ng kaibigan na magcutting-classes. 1. 2. 3. 4. 5	Hindi sumama at pinili na pumasok sa klase.	Naunawaan ang tinalakay ng guro at nakakuha ng pasang marka sa pagsusulit sa araw na iyon.	Mas makabubuti na piliin ang pagpasok sa klase dahil may mabuti itong maidudulot sa pag-abot ko ng aking pangarap at tunguhin sa buhay.



Nawa'y iyong isabuhay ang mga mahalagang kaisipan na natutuhan sa araling ito. Mananatiling buhay ang iyong natutunan kapag aktuwal itong naipakita sa sariling kilos sa pang-araw araw mong buhay.

Binabati kita!



Karagdagang Gawain

Gawain 4

Panuto: Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan sa buong aralin, sagutin ang mga tanong sa isang pirasong papel.

1. Ano-ano ang mga yugto ng makataong kilos ayon kay Santo Tomas de Aquino?
2. Ano ang kahulugan ng mabuting pagpapasiya?
3. Paano nakakatulong sa tao ang pagsasagawa ng mabuting pagpapasiya? Ipaliwanag.
4. Bakit kailangan ang paglalaan ng sapat na panahon bago magsagawa na pasiya?
5. Ano ang iyong pagkaunawa tungkol proseso ng pakikinig?
6. Sa iyong palagay, makatutulong ba ito sa isang kabataang katulad mo sa pagsasagawa ng mabuting pasiya? Ipaliwanag.
7. Ano-ano ang hakbang ng proseso sa pakikinig? Ipaliwanag ang bawat isa.

Huling Pagtataya



Basahing mabuti ang bawat pahayag at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 10 (EsP 10).

Panuto: Pagpipili-pili. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ilan lahat ang yugto ng makataong kilos?
 - a. 10
 - b. 11
 - c. 12
 - d. 13
2. Sa anong kategorya nabuo ang mga yugto ng makataong kilos?

- a. Isip at kilos-loob
 - b. Intensiyon at layunin
 - c. kilos-loob at paghuhusga
 - d. dignidad at layunin
3. Anong kategorya ang napalooban ng pagkaunawa ng isip?
 - a. Kilos-loob
 - b. isip
 - c. layunin
 - d. kalayaan
4. Ilang yugto mayroon ang kilos-loob na kategorya?
 - a. 4
 - b. 5
 - c. 7
 - d. 6
5. Anong yugto na ang ibig sabihin ay resulta ng pagpili ng isang tao.
 - a. layunin
 - b. paghuhusga
 - c. bunga
 - d. paraan
6. Sinong manunulat ang may akda ng mga yugto ng makataong kilos?
 - a. Santo Tomas de Aquino
 - b. Immanuel Kant
 - c. Aristoteles
 - d. Agapay
7. Isang proseso kung saan malinaw na nakikilala ng isang tao ang mga pagkakaiba ng mga bagay-bagay.
 - a. Paraan ng pagpili
 - b. Mabuting pagpapasya
 - c. Makataong kilos
 - d. Layunin
8. Sino ang nagsabi na simula ng magka isip ang tao hanggang sa kamatayan niya ay nagsasagawa na siya ng pagpapasiya sa araw-araw?
 - a. Immanuel Kant
 - b. Aristoteles
 - c. Fr. Neil Sevilla
 - d. Santo Tomas
9. Ilang hakbang mayroon ang moral na pagpapasya?
 - a. lima
 - b. apat
 - c. anim
 - d. pito
10. Anong hakbang ng moral na pagpapasya ang may mga halimbawa na tanong bilang gabay para sa mabuting pagpapasya?
 - a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Magsagawa ng pasya
11. Alin sa sumusunod ang hindi kasali sa mga hakbang ng moral na pagpapasya?

- a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Pagpili
12. Anong hakbang ang nagsasabi na kailangan makita kung ano ang mabuti at masamang kalalabasan nito?
- a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Magsagawa ng pasiya
13. Anong hakbang ang nagsasabi na kailangan makita kung ano ang mabuti at masamang kalalabasan nito?
- a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Tingnan ang kalooban
 - d. Magsagawa ng pasiya
14. Tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam ng pinakamabuti para sa atin. Anong hakbang ng moral na pagpapasya ito?
- a. Magkalap ng patunay
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Umasa at magtiwala sa tulong ng Diyos
 - d. Magsagawa ng pasiya
15. Anong hakbang ang ipinapahiwatig sa katanungan na: Ano ang nararamdaman ko sa ukol sa sitwasyon?
- a. Tingnan ang kalooban
 - b. Isaisip ang posibilidad
 - c. Magkalap ng patunay
 - d. Magsagawa ng pasiya



Susi sa Pagwawasto

Ooops!!! Sa bahaging ito ay masusubok mo ang iyong pagiging tapat hindi lang sa iyong guro, sa iyong sarili, kundi lalo't higit sa ating Panginoong Diyos na hindi nalulugod na makita ang bawat isa sa atin na lumalabag sa batas na magbibigay sa atin ng pagkakataon o oportunidad na maging tunay na makatao at maka-Diyos. Dagdag pa nito ay ang kaligayahang dulot na iyong mararamdaman dahil sa iyong katapatan at dahil diyan kami na mga tagapag-padaloy ng karunungan ay lubos din na masisiyahan at makakaramdam ng tunay na tagumpay.

Tayahin • C • A • B • D • C • A • B • C • C • A • B • C • D • C • A • B • C • A • C	Pagymananin 1. Pagkaunawa sa Lyunin 2. Nais ng Layunin 3. Paghuusga sa Nais Makamtan 4. Intensiyon ng Layunin 5. Masusing Pagsu-suri ng Paraan 6. Paghuusga sa Paraan 7. Praktikal na Pag-huusga sa Pinili 8. Pagpili 9. Utos 10. Paggamit 11. Pangkapisipang kakayahang ng Layunin 12. Bunga 13. Nais ng Layunin 14. Masusing Pagsusuri ng Paraan 15. Pagpili	Subukin Huling Pgtataya A B A C D B C A C A 12. C 13. D 14. D 15. B
---	---	---

Sanggunian

1. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Modyul Para sa Mag-aaral” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015
-Galicia, Jane S. (2001) Ang Pagsasabuhay IV. Quezon City: Rex Book Store Publication
-Quito, Emerita S. (2008) Fundamental of Ethics. Quezon City: C & E Publication
-Gula, Richard M. (1997) Moral Discernment. New Jersey: Paulist Press Publication
2. “Edukasyon sa Pagpapakatao 10 Gabay sa Pagtuturo” Kagawaran ng Edukasyon, Republika ng Pilipinas, Unang Edisyon 2015

Mula sa Internet

Chris McDonald. A Guide to Moral Decision Making. Retrieved from <http://www.Ethicsweb.ca/guide/> on February 25, 2014

Manuel Velasquez. Thinking Ethically: A Framework for Moral Decision Making. Retrieved from <http://www.scu.edu/ethics/publications/iie/v7/thinking.html> from February 25, 2014

https://www.google.com/search?q=teacher+clipart&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=7KUCpIwIcNIT2M%252CXXK2aYogK8ja98M%252C_&vet=1&usg=AI4_-kTXOxRxVy29ksv2WpF3_EU6-_xpxA&sa=X&ved=2ahUKEwjGh5SMkJ7qAhXGFIgKHQbtA_cQ9QEwCHoECAwQQA&biw=1280&bih=640#imgrc=7KUCpIwIcNIT2M

<https://www.google.com/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&cad=rja&uact=8&ved=2ahUKEwizkPikqPvpAhXF7WEKHav2Ak4QFjAFegQIBhAB&u>

Para sa mga Tanong at Puna, maaari na sumulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon X, Kawanihan ng mga Kaalaman

Office Address: Fortich Street, Sumpung, Malaybalay City

Telefax: (088) 813- 3634

E-mail Address: Bukidnon@deped.gov.ph

Website: www.Depedbukidnon.net.ph